

Lupon ng Edukasyon

Greater Victoria School District No. 61
556 Boleskine Road, Victoria, BC V8Z 1E8
Phone (250) 475-4162 Fax (250) 475-4112



Setyembre 16, 2025

RE: Maligayang pagdating sa 2025-2026 Taon ng Pag-aaral

Mga Minamahal na Pamilya,

Umaasa kaming nagkaroon ka ng magandang bakasyon sa tag-araw at maayos ang paninirahan mo sa iyong bagong taon ng pag-aaral. Ikinalulugod naming tinatanggap ang iyong (mga) anak kasama ng higit sa 20,000 iba pang estudyante sa aming 47 paaralan na matatagpuan sa buong Victoria, Esquimalt, Oak Bay, View Royal, Saanich, at sa Highlands—ang mga tradisyonal na teritoryo ng Esquimalt at Songhees Nations kung saan kami nakatira, natututo, at nagtatrabaho.

Sa patnubay ng aming kolektibong pananaw na mabigyan ang bawat estudyante ng mga pagkakataon upang matupad ang kanilang potensyal at ipagpatuloy ang kanilang mga pangarap, nasasabik ang aming mapagmalasakit at may kaalamang kawani na suportahan ang iyong pamilya ngayong taon ng pag-aaral. Nagpapasalamat kami sa patuloy na pakikipagtulungan sa pagitan ng mga Rightsholder, estudyante, kawani, pamilya, partner, at ang mas malaking komunidad na ginagawang katotohanan ang pananaw na ito.

Bawat Setyembre, pinatitibay namin ang aming pangako sa paglikha ng kultura na tumutugon, patas, na-aaccess, at ligtas na mga kapaligiran sa pag-aaral na sumusuporta at nagpapabuti sa personal at akademikong tagumpay ng lahat ng mag-aaral. Sa taong ito, lalo naming inaabangan na masaksihan ang tagumpay ng estudyante sa mga larangan ng karunungan bumasa't sumulat (literacy), at kaalaman sa numero (numeracy).

Patuloy ding magiging prioridad ang pagsuporta sa pisikal at pangkaisipang kagalingan ng lahat ng mag-aaral, dahil ang panlipunan at emosyonal na pag-aaral, pisikal na karunungan bumasa't sumulat, at kaalaman sa kalusugan ng pag-iisip ay ang mga pangunahing salik sa pagpapabuti ng mga resulta para sa lahat ng estudyante.

Kung ang iyong anak ay nasa StrongStart o Kindergarten, isang grade-level na mag-aaral, isang internasyonal na estudyante, o nagpa-enroll ka sa isang programa ng Continuing Education, nasasabik kaming suportahan ka, ang iyong pamilya, at lahat ng konektado sa aming pamilya ng School District 61.

Hangad namin ang iyong tagumpay sa panahon na sisismulan mo ang iyong pag-aaral at sa buong taon sa hinaharap.

Taos-pusong sumasainyo,

A handwritten signature in blue ink that reads 'Deb Whitten'.

Deb Whitten
Superintendente ng Mga Paaralan

Nais ng Greater Victoria School District na bigyan ng pagkilala ang mga nasyong Esquimalt at Songhees, kung saan sa kanilang mga tradisyunal na teritoryo, tayo ay naninirahan, natututo, at nagtatrabaho.